



## North Thurston Public Schools

### Pagbubunyag at Pagpapahintulot sa Paggamit ng Mga Online Resource Alinsunod sa Child Online Privacy Protection Act

Minamahal na mga Magulang/Tagapangalaga ng Batang wala pang 13 taong gulang:

Nagbibigay ang North Thurston Public Schools (NTPS) sa aming mga mag-aaral ng access sa ilang website, application, at iba pang online resource ng third-party bilang pantulong sa pag-aaral ng mag-aaral (ang “Mga Online Resource”). Kasama sa Mga Online Resource na ito ang Google Apps for Education, Canvas, Nearpod, Typing Club, Learn 360, at iba pang katulad na edukasyonal na program.

Para magamit ng mga mag-aaral ang Mga Online Resource na ito, maaari mangolekta ang mga third-party na operator ng Mga Online Resource na ito ng ilang partikular na impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan (hal., pangalan at apelyido, username, at pandistributong email address ng mga mag-aaral). Sa ilalim ng Children’s Online Privacy Protection Act (COPPA) ng pederal, dapat abisuhan ng mga third-party na operator na ito ang mga magulang/tagapangalaga at dapat silang humingi ng pahintulot ng magulang/tagapangalaga bago mangolekta ng personal na impormasyon ng mga mag-aaral na wala pang 13 taong gulang. Gayunpaman, pinapayagan ng COPPA ang mga institusyong pang-edukasyon gaya ng NTPS na pahintulutan ang nasabing pagkolekta sa ngalan ng mga magulang, hangga’t nauugnay lang sa pag-aaral ang personal na impormasyon at hindi gagamitin sa anupamang layuning pangkomersyal.

Layunin ng abisong ito na ipaalam sa iyo ang tungkol sa Mga Online Resource na naaprubahan para sa paggamit sa mga paaralan ng NTPS at para bigyan ang mga magulang/tagapangalaga ng mag-aaral na wala pang 13 taong gulang ng oportunidad na tumanggi sa paggamit ng kanilang anak ng nabanggit na Mga Online Resource. Inilagay sa ibaba ng pahinang ito ang isang link patungo sa kasalukuyang listahan ng Mga Online Resource, kasama ang mga link patungo sa kani-kanilang mga tuntunin ng serbisyo at patakaran sa privacy. Kung gusto mong ilagay sa classroom ng iyong anak ang isang partikular na listahan ng Mga Online Resource, makipag-ugnayan sa (mga) guro ng iyong mag-aaral.

Kung isa kang magulang o tagapangalaga ng isang mag-aaral na wala pang 13 taong gulang at gusto mong tumanggi anumang oras sa paggamit ng iyong anak sa Mga Online Resource, magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagkumpleto sa Form sa Pag-opt Out na available sa pamamagitan ng link patungo sa Mga Online Resource ng NTPS sa ibaba ng pahina at ibalik ito sa amin ayon sa inilarawan sa form. Pakitandaang posibleng maapektuhan ng pag-opt out sa paggamit ng Mga Online Resource ang pakikipag-ugnayan ng iyong anak sa classroom at sa kanyang kakayahang makibahagi sa ilang partikular na aktibidad sa pag-aaral.

**KUNG HINDI KA MAG-O-OPT OUT GAMIT ANG FORM NA ITO, IPAGPAPALAGAY NA SUMASANG-AYON KA SA AMING PAGPAHINTULOT SA IYONG NGALAN SA PAGGAMIT NG MGA ONLINE RESOURCE AT SA PAGKOLEKTA NG IMPORMASYON MULA SA IYONG ANAK KAUGNAY NG NABANGGIT DITO.**

Tandaang puwede **lang** gamitin ng lahat ng mag-aaral ng K hanggang ika-8 baitang ang kanilang mga district email address account para i-email ang mga staff ng NTPS at ang mga kaklase at hindi nila puwedeng gamitin ang mga district email account para magpadala o tumanggap ng mga email message mula sa mga external na address. Fini-filter, ina-archive, at puwedeng mino-monitor ng distrito ang lahat ng pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng district email, internal man o external, sa lahat ng baitang.

Kung gusto mong malaman ang higit pa tungkol sa COPPA at sa Mga Online Resource na ginagamit ng mga mag-aaral ng NTPS, o para TUMANGGI para sa iyong mag-aaral, pakibisita ang link sa ibaba para sa higit pang impormasyon.

**Mga Online Resource at form para sa pag-opt out ng NTPS:** [www.nthurston.k12.wa.us/COPPA](http://www.nthurston.k12.wa.us/COPPA)